

Ang Nagniningas na Pugon

(Daniel 3)

Noong unang panahon, sa kaharian ng Babilonia, may tatlong kabataang Hudyo na mga matatalino at matapat sa kanilang Diyos. Ang kanilang mga pangalan ay Hananiah, Mishael, at Azariah, pero nang sila ay dinala sa Babilonia mula sa kanilang bayan, pinalitan ang kanilang mga pangalan ng Shadrach, Meshach, at Abednego. Kasama ng iba pang kabataang lalaki ng Juda, sila ay pinili para sa kanilang karunungan, kaalaman, at pisikal na anyo upang sanayin sa mga paraan ng mga Babilonyo at upang maglingkod sa korte ng makapangyarihang hari na si Nebuchadnezzar.



Si Haring Nebuchadnezzar ay kilala bilang isang malupit at mapagmataas na hari. Siya ang sumakop sa maraming lugar, kabilang na ang Judah, at dinala ang maraming tao bilang mga bihag sa kanyang kaharian. Isa rin siyang hari na gustong-gusto ang magpatayo ng mga magagarang gusali at mga rebulto. Isa sa kanyang mga pinakakilalang ginawa ay ang isang napakalaking rebulto na gawa sa ginto. Ang rebultong ito ay napakataas, halos kasing taas ng isang gusali na may walong palapag! Ipinag-utos ng hari na ang lahat ng tao sa kanyang kaharian ay kailangang yumuko at sumamba sa rebultong ito kapag narinig nila ang tunog ng mga instrumento. Kung hindi, sila ay itatapon sa isang naglalagablab na pugon.

Kahit na nasa banyagang lupain, sina Shadrach, Meshach, at Abednego ay nanatiling tapat sa kanilang pananampalataya. Hindi sila sumamba sa mga diyos ng Babilonia at patuloy na sinamba ang Diyos ng Israel. Kaya nang ipinag-utos ng hari na sumamba sa rebulto, hindi ito sinunod nina Shadrach, Meshach, at Abednego. Nang tumunog ang mga instrumento, lahat ng tao ay yumuko at sumamba sa rebulto, maliban sa tatlong kabataang ito.

Nang malaman ito ni Haring Nebuchadnezzar, siya ay nagalit at ipinatawag ang tatlong kabataan. Tinanong niya sila, "Bakit hindi kayo yumuyuko at sumasamba sa rebulto? Alam ba ninyo na kung hindi kayo sumunod, kayo ay itatapon sa naglalagablab na pugon? Sa tingin ba ninyo ay may Diyos na makakapagligtas sa inyo mula sa apoy?"

Matatag at matapang na sumagot ang tatlo, "O hari, hindi na namin kailangan pang mag-isip ng sagot diyan. Ang aming Diyos ay kayang iligtas kami mula sa pugon na ito, ngunit kahit hindi Niya kami iligtas, hinding-hindi pa rin kami yuyuko at sasamba sa inyong mga diyos maging sa iyong rebultong ginto."

Lalong nagalit ang hari at iniutos na painitin pa ang pugon ng pitong beses kaysa karaniwan. Inutusan niya ang kanyang pinakamalalakas na sundalo na igapos sina Shadrach, Meshach, at Abednego at ihagis sila sa naglalagablab na pugon.

Ngunit laking gulat ni Haring Nebuchadnezzar nang siya ay tumingin sa pugon! Nakita niya na hindi lamang tatlo ang mga taong naglalakad sa gitna ng apoy, kundi apat! Ang ikaapat ay parang isang makalangit na nilalang! Walang nasaktan sa kanilang apat at ang apoy ay hindi man lang nakasunog ng kahit isang hibla ng kanilang buhok.

Mabilis na lumapit ang hari sa bunganga ng pugon at tinawag sila, "Shadrach, Meshach, Abednego, lumabas kayo, mga lingkod ng Kataas-taasang Diyos!" Lumabas ang tatlo, at nang sila ay tingnan ng lahat ng tao, nakita nila na ni bahagya ay hindi napinsala ang kanilang mga damit at walang amoy ng apoy sa kanila.

Dahil sa pangyayaring ito, napagtanto ni Haring Nebuchadnezzar na walang ibang diyos ang makakapagligtas tulad ng Diyos nina Shadrach, Meshach, at Abednego. Kaya't pinuri ng hari ang kanilang Diyos at iniutos na walang sinuman ang dapat magsalita laban sa Kanya. At bilang gantimpala, itinaas niya ang katungkulan ng tatlong kabataan sa kanyang kaharian.

Ang Diyos ay ang nag-iisang tunay na Diyos. Ipinakita sa kuwento na walang ibang diyos o kapangyarihan ang katulad sa Diyos ng Israel. Siya ay laging kasama natin. Kahit na sa gitna ng apoy, ang Diyos ay kasama sina Shadrach, Meshach, at Abednego. Ang Diyos ay makapangyarihan, pinoprotektahan at ililigtas Niya ang mga nananalig at nagtitiwala sa Kanya mula sa pinakamapanganib na mga sitwasyon, tulad ng nagniningas na pugon.

